# ILANG PANGUNAHING USAPIN SA GAWAING MASA SA KANAYUNAN

## Konsolidasyon at ekspansyon

Mula 1997 tuluy-tuloy na nakabawi at lumawak ang mga larangang gerilya sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ay matatag na nakapangibabaw sa malalaking pinsalang bunga ng malulubhang pagkakamali at paglihis, todong pangwawasak at kampanyang kontra-Partido ng mga kontrarebolusyonaryong taksil, at pinatinding operasyong military at psywar ng reaksyunaryong gubyerno. May mga rehiyon na nakaabot na o nakalampas na sa dating rurok ng lawak ng saklaw. Tagumpay ito ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at napakainam na tuntungan para sa pagsulong ng armadong rebolusyon sa panibagong antas ng lawak, sinsin at lakas.

Gayunman, kapansin-pansing sa 14 rehiyon na sumasaklaw ng gawain sa kanayunan, 3 rehiyon pa lamang ang nakaaabot sa relatibong mahusay na balanse ng konsolidasyon at pagpapalawak at may 1 baryong kinokonsolida sa bawat 6 hanggang 7 baryong pinagpapalawakan. Sa karamihan ng rehiyon malaki ang bilang ng baryong pinagpapalawakan pero napakaliit kung ihahambing ang bilang ng kinokonsolida: Ang tumbasan ay 1:10 hanggang 1:40 at ang pinakamasahol ay 1:150. Labis na nahuhuli ang konsolidasyon o labis na banat ang pwersa sa napakalawak na lugar o di kaya ay pareho.

Ang ganitong malaking disbalanse sa pagitan ng konsolidasyon at pagpapalawak ay bunga pangunahin ng malaking pagsikad ng pagbawi at pagpapalawak sa mga nakaraang taon, ibig sabihin, ng matagumpay nating pangingibabaw sa malalaking pinsala at pagkitid sa nakaraan. Kung tutuusin, mas malawak pa ring bahagi ng kanayunan ang hindi pa natin nasasaklaw. Pero hindi dapat at hindi maaaring magtagal ang ganitong malaking disbalanse. Mapanganib ito para sa mga rebolusyonaryong pwersa laluna sa harap ng todong gyera at pasistang pananalasa ng papet na rehimeng Macapagal-Arroyo at lumalawak na armadong panghihimasok ng imperyalismong US. Kapag pababayaan ang konsolidasyon ng baseng masa, kapag kakaligtaan ang pag-aangat sa antas ng kamulatan at organisasyon ng masa, iiwanan sila sa ilalim ng reaksyunaryong impluwensya. Upang labanan at biguin ang papatinding pagsalakay ng kaaway at patuloy na maisulong ang armadong rebolusyon, kailangan kapwa ang lawak at tatag. Kailangan ang tamang balanse ng konsolidasyon at ekspansyon. Kailangang itaas ang antas ng organisasyon ng baseng masa, mas palakasin ang rebolusyong agraryo at iba pang kampanyang masa, pasiglahin ang mga taktikal na opensiba at isulong ang iba pang mga gawain sa konsolidasyon—habang ipinagpapatuloy ang pagpapalawak.

May ilang kaugnay na mga usapin at problemang dapat lutasin para maigpawan ang labis na pagkahuli at mababang antas ng konsolidasyon. Isa na rito ang labis na pagkakakalat ng mga yunit ng BHB na sumasaklaw ng malalawak na lugar. Isa pa ang konserbatismo sa pagtataas sa antas ng organisasyon ng masa at ang kapabayaan sa pagpapasigla ng mga taktikal na opensiba at rebolusyong agraryo. Nariyan din ang mababang kakayahan ng mga yunit ng hukbong bayan sa pag-oorganisa, pamumuno sa mga kampanyang masa at gawaing alyansa.

Dapat sapulin at tupdin ang prinsipyo ng pagpapalawak base sa konsolidasyon. Saklawin ang lawak na sapat para sa pagmamaniobra at makakayang paunlarin at patatagin sa isang

panahon. Sa pagkokonsolida ng isang tiyak na bahagi, pinalilitaw kaalinsabay ang dagdag na pwersa at kakayahan para magpalawak sa iba pang bahagi ng larangang gerilya. Batay sa konsolidasyon ng 1 o 2 o higit pang larangang gerilya, makapagbubukas ng bago pang mga larangang gerilya. Sa ganitong paraan tuluy-tuloy at hakbang-hakbang na isinusulong at pinalalawak ang pakikidigmang gerilya batay sa kakayahan. Iwasan ang labis na pagbanat ng pwersa at kakayahan dahil sa pagmamadaling saklawin ang iba't ibang bahagi ng rehiyon o probinsya.

Sa pagbabalanse ng konsolidasyon at ekspansyon, dapat may malinaw na pananaw sa pagpapaunlad sa eryang kinikilusan—gaano kalawak ang kagyat na mabisang kayang saklawin, alin ang mga bahaging pauunlarin bilang mga baseng gerilya at angklahan ng patuloy na pagpapalawak at pagpapatatag sa isang larangang gerilya, at anu-ano ang mga eryang prayoridad sa pagpapalawak.

Sa bawat erya, mahalagang magtukoy ng tipak na eryang magsisilbi ring sentro de grabidad at koordinado at magkakaagapay na itinataas ang antas ng organisasyong masa at itinatayo ang mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Sa sandaling maisagawa ito sa isang tipak na erya, mas madaling sumulong sa konsolidasyon sa antas ng munisipalidad sa anyo ng pagtatayo ng mga ganap na samahang masa sa antas ng munisipalidad at mga komiteng rebolusyonaryo sa antas ng bayan.

Bago tumungo sa pagsinsin sa antas ng munisipalidad, kailangan munang kamtin ang sapat na lawak ng mga larangang gerilya at ang sapat na pagpapalaganap ng pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan at sa antas ng rehiyon at probinsya. Katamtaman ang laking-platun sa pagsisinsin at pagpapaunlad sa isang munisipalidad na kanugnog ang iba pang munisipalidad na kapantay humigit-kumulang ang antas ng pag-unlad. Mayroon syempreng mga munisipalidad na di karaniwan ang dami ng baryo o lawak ng kalupaang saklaw na kinakailangan ng pwersang mas malaki sa platun para mabisang masaklaw.

Syempre pa, ang pagbibigay ng karampatang pansin sa konsolidasyon ay hindi nangangahulugang tapos na ni maliit na ang gawain natin sa ekspansyon. Marami pang distritong dapat tayuan ng larangang gerilya; sa loob ng nakatayo ng mga larangang gerilya ay may malalawak pang patlang na kadalasa'y mas matao at mas maunlad ang kabuhayan at kung gayon ay may malaking kabuluhan para sa pagsulong ng armadong rebolusyon. Sa katunayan, sa ilang rehiyon ay mayor na usapin pa ang konserbatismo sa ekspansyon laluna sa matataong mga bahagi ng mga ito. Ang paghahabol sa antas ng konsolidasyon ay hindi dapat bumaling sa makaisang-panig na pagkaligta naman sa ekspansyon: Ang kailangan ay tamang pagbabalanse ng dalawa kahit sa bawat panahon ay may isang pinag-uukulan ng higit na diin.

## Ang wastong dispusisyon ng hukbo at gawaing masa

1. Salungat sa adelantadong "regularisasyon", tunguhing lantay militar at burukratismo ng maling linyang SCO sa nakaraan, binigyang-diin ng IDKP—alinsunod sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nagtatamasa ng papalawak at papalalim na suportang masa—ang horisontal na disposisyon ng pwersa ng BHB sa gawaing masa, pagbawi sa mga naiwanang saklaw at pagpapalawak ng mga larangang gerilya. Itinakda ang panuntunang 70-30 sa balanse ng mga pwersang horisontal at bertikal at 90-10 sa balanse ng gawaing masa at gawaing militar. Itinakda rin ang karaniwang larangang gerilya

na laking kompanya, sumasaklaw ng isang distrito, at may sentro de grabidad na humigit-kumulang laking-platun. Sa tulong ng mga patakarang ito, unti-unting napigil ang pag-atras, pagkitid at pagliit ng mga larangang gerilya hanggang maibalik ang kabuuang takbo ng gawain sa pagsulong, paglawak at paglaki.

Bagamat may ilang pagdadalawang-isip sa simula, hindi naglaon at itinaguyod ng mga komite ng Partido at kumand ng hukbo sa mga rehiyon ang pangkalahatang pagpihit tungong horisontalisasyon at gawaing masa. Lalong tumatag ang pagkakaisa kaugnay nito nang makita ang mga positibong resulta sa pag-alpas sa pagkubkob ng kaaway, pagluwag ng maniobra, paglawak ng ugnay sa masa at pagsigla ng pagrerekrut. Pero mas tumagal ang pagdadalawang-isip sa pagbubuo ng mga larangang gerilyang lakas-kompanya sa saklaw ng distrito at may sapat na laki ng pwersang sentro de grabidad. Mas nangibabaw na kunsiderasyon sa maraming rehiyon at larangang gerilya ang hangad na sumaklaw ng pinakamalawak na uubra o mantinihin ang mga dating saklaw kahit malaki na ang nabawas sa pwersa, at ang kakulangan ng mga kadreng may karanasan at kakayahang mamuno sa mas malaki-laking pormasyon. Kaya naging kapansin-pansin sa maraming larangan ang labis na pagkakakalat ng pwersa sa napakaliliit at napakahihinang mga yunit. Sa pagtutuwid ng adbenturismo, tendensyang lantay militar at bertikalisasyon ng linyang SCO, lumitaw naman ang problema sa kabaligtarang kahinaan: ang sobrang pagkakakalat ng pwersa at ang kaakibat na mga problema sa pahapyaw na gawaing masa o di kaya'y pagkakasya sa iilang baryo, labis na bulnerabilidad sa pagsalakay at pagdurog ng kaaway, pasibidad at pagkataboy kahit sa kaunting kibot ng kaaway, at konserbatismo sa gawaing militar at pulitikal.

Pinatunayan ng karanasan ng mga rehiyong mas maagang nagpatupad na wasto at kinakailangan ang pagpapakat ng pwersa ng hukbo sa mga larangang gerilyang laking distrito at lakas kompanya. Mas mabilis silang nakabawi ng baseng masa (sa ilang rehiyon ay lumampas na sa rurok na dating inabot), mas mabisang nakapagpapasigla ng mga kampanya at pakikibakang masa, mas maraming napalilitaw na bagong pwersa, at mas nakapagpupursigi at nakakahawak sa inisyatiba kahit tumindi ang pananalakay ng kaaway. Sa mga larangang gerilyang laking kompanya mas realistiko at mas makatuturan ding makapagtatalaga ng pwersang sentro de grabidad. Kapag lubhang manipis pa ang pakat ng pwersa sa ibaba mas makatotohanang buuin ang pwersang sentro de grabidad sa antas ng rehiyon o probinsya, para may tumayong pwersang angkla sa gawaing militar at pulitikal at iwasan ang absolutong pagkakakalat. Pero kapag walang pwersang sentro de grabidad sa alinmang antas, mas malaki ang peligro sa konserbatismo at pasibidad at kailangang pag-ibayuhin ang pagmamatyag sa mga ito.

Lalong nagpabagal sa pagbawi at pagpapanibagong-lakas at -sigla ang labis na pagkakahiwahiwalay ng pwersa. Sa katunayan, kapag mas salat sa karanasan ang mga upisyal at kawal sa ibaba, ang labis na pagkakalat sa kanila sa magkakalayong lugar ay lalo pang nagpapalaki ng potensyal na mga problema sa pulitika at militar. Sa ganitong sitwasyon lalong kinakailangan ang malapit na paggabay ng mga namumunong komite ng Partido at kumand ng hukbo.

Kapag masyadong maliit ang yunit na sumasaklaw sa napakalawak na lugar, mas madalas na nababalaho sa antas ng grupong pang-organisa ang gawaing masa. Sa paghahabol na maabot ang mas maraming baryo, madalas na nagkakasya sa mababaw na impluwensya sa bawat baryo at maraming bahagi ang nadadaan-daanan lamang at hindi naoorganisa sa matagal na panahon. Madalas pang ang mga iskwad ay naghahati-hati sa mas maliit pang pangkat na may kanya-kanyang tokang mga baryo at panapanahong lamang na nagtitipun-tipon para magtasa at magplano.

2. Ang platun sa mga larangang gerilyang lakas-kumpanya ang saligang pormasyong gerilya na pinauunlad natin. Dapat organisahin ang mga pwersa ng mga larangang gerilya sa mga platun sa halip na sa mga independyenteng iskwad na kadalasan pa'y ipinapakat nang labis na magkakalayo. Ito ang saligang pormasyong akma sa antas na ipinalalaganap ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan at sinisinsin ito sa mga distrito at munisipalidad. Ang pagpapaunlad ng platun sa balangkas ng mga larangang gerilyang lakas-kumpanya ay susi sa pagtiyak na nabibigyan ng pangunahing diin ang pagpapaunlad ng mga pwersang horisontal nang hindi naman nahuhulog sa pagkakamali ng labis na pagkakakalat.

   Limitado lamang ang pagbabalak, koordinasyon at pagpapaunlad na magagawa sa balangkas ng hiwa-hiwalay na mga iskwad. Bukod pa, lubhang bulnerable ang mga ito sa paisa-isang pagsukol at pagdurog kahit ng mga platun o seksyon ng kaaway. Ang pagkahirati sa pagkakanya-kanya sa mumunting yunit at pangkat ay nag-eengganyo rin ng makitid at maluwag na mga pananaw at gawi sa pulitika, militar at organisasyon.

   Sa pormasyong platun (27-36 katao) mas mahusay na maisasagawa ang pagbabalak sa saklaw ng isang sonang gerilyang sumasaklaw sa isang bayan humigit-kumulang, ang pleksibleng pagladlad at pagtitipon ng mga iskwad ayon sa pagbabagu-bago ng sitwasyon at pangangailangan (paghihiwa-hiwalay sa limitadong panahon sa mga iskwad o pangkat upang tumupad ng mga depinidong tungkulin kapag maluwag ang sitwasyon at pagtitipon kapag may sitwasyong militar upang magdepensa, maglunsad ng taktikal na opensiba o di kaya'y magmaniobra), ang pagtiyak sa mahigpit na pamumuno sa mga iskwad, at ang pag-asikaso sa iba't ibang gawain sa organisasyon, edukasyon, pulitika at militar sa saklaw.

   Ang tamang balanse ng konsolidasyon at ekspansyon ay magagawa sa balangkas ng larangan at sa antas ng kumpanya at platun. Sa iskwad o kahit sa platun na nag-iisa at walang katalikuran, may matinding limitasyon sa pagbabalanse at pagkukumbinasyon ng gawaing masa, gawaing militar, pagsusulong ng rebolusyong agraryo, gawaing nagkakaisang prente, at pagbubuo ng Partido.

   Dapat laging nasa prespektiba ang direksyong ito kahit sa sitwasyon ng larangang gerilya ng ilang rehiyon na ang partikular na kalagayan ay di pa nagpapahintulot na kagyat na mabuo ang mga pormasyong platun bilang saligang pormasyon ng BHB.

3. Kapag ang diin pa ay pagpapalawak, karaniwang nakakayanan ng laking iskwad na yunit na may maaasahang bag-as ng mga kadre na mabisang masaklaw ang 15-20 baryo na may katamtamang distansya sa bawat isa. Subalit di nito kayang isustine ang tuluy-tuloy at mabilis na pagpapaunlad ng mga organisasyong masa sa sarili lang niya. Karaniwang solusyon natin dito ang pagbubuo ng mga hating-panahong aktibistang masa na nakakatuwang ng laking-iskwad na yunit sa pagpapatupad ng ilang gawain katulad ng gawaing edukasyon, pagbubuo ng mga dagdag na grupong pang-organisa, karagdagang pagsisiyasat sa mga isyu at usapin ng masa, at pagsubaybay sa iba pang gawaing nasimulan ng yunit. Para mabalanse ang konsolidasyon at ekspansyon, at magkaroon ng sapat na maniobra (di makitid at di naman banat) pinakamainam na saklawin ng isang laking iskwad na yunit ang 7-10 baryo na katamtaman ang distansya sa bawat isa.

   Pinakamainam pa, sa pinakamaagang panahong kakayanin matapos makapagbukas ng malaki-laking bilang ng baryo, magbuo ng karagdagang yunit upang ang pagtatalaga at pagmamaniobra ng mga pwersa ay nakabatay sa laking-iskwad sa halip na sa pangkat.

4. Esensyal ang mga sentro de grabidad na tumitiyak sa karampatang antas ng konsentrasyon ng pwersa sa gawaing masa at gawaing militar, gayundin sa tamang balanse sa pagitan ng

gawaing masa at gawaing militar. Ang pwersa ng sentro de grabidad ang tumututok sa konsolidasyon sa mga takdang saklaw na pinauunlad bilang bag-as at abanteng pwersa ng kilusang masa patungo sa pagbubuo ng mga baseng gerilya. Sila rin ang nagsisilbing angkla sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at sa pagharap sa mga pagsalakay ng kaaway. Ang kawalan ng pwersa ng sentro de grabidad ang isang palatandaan ng labis na pagkakakalat ng mga pwersa sa maraming larangang gerilya. Ito ang pinakamalaking dahilan sa kabiguan nilang magsagawa ng mga taktikal na opensibang makakaya sa mahabang panahon.

Dahil krusyal sa tamang kumbinasyon ng konsentrasyon at paghihiwa-hiwalay, ang pagbubuo at pagpapalakas ng pwersa ng sentro de grabidad ay kailangang matamang asikasuhin ng mga namumunong komite ng Partido at kumand ng hukbo. Kailangang ipatupad kaugnay nito ang Memorandum ng Hunyo 2001 ng KTKS tungkol sa pagpapaunlad ng organisasyon ng hukbo. Dapat mahusay na gamitin ang mga sentro de grabidad di lamang sa gawaing militar kundi sa pagpapabilis ng pagtungo sa konsolidasyon ng mga pinapalawakang mga baryo o di kaya ay makapagbukas sa mga estratehikong bahagi.

5. Ang pagpapaunlad ng mga platun sa balangkas ng mga larangang gerilyang laking-kumpanya ay kasabay at kaugnay ng sumusunod na mga tungkulin sa pagsusulong ng digmang bayan:

5.1. pagsaklaw ng mga laking-kompanyang lager sa lahat o halos lahat ng distrito

5.2. malawakang pagbubuo at pagpapaunlad ng mga GSM/OKP/milisya sa mga baryo at munisipalidad, na sumasaklaw sa milyun-milyong mamamayan

5.3. malawakang pagpapatupad ng minimum na programa ng rebolusyong agraryo at pagsusulong ng mga kampanya sa produksyon sa mga baryo, munisipalidad at distrito

5.4. pagpapaunlad ng kakayahan ng baseng masa sa pulitika, organisasyon, ekonomya, kultura

5.5. pagpapakilos at pagpanday ng milyun-milyong mamamayan sa maigting na pakikibaka sa kaaway sa larangang iligal at ligal, armado at di armado

5.6. pagbubuo ng Partido na may daan-daan libong kasapi

5.7. pagpapaunlad sa mga distrito ng isa o dalawa—at habang lumalaon ng ilang—kulumpon ng mga baryo na maaari pang umabot sa saklaw ng buong bayan sa ilang lugar na malinis sa mga aktibong galamay ng kaaway at pinamamayanihan ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika

6. Ang pagpapaunlad ng mga platun ay isang buong proseso ng pagpapalakas ng rebolusyon at pagpapahina sa reaksyon sa malawak na bahagi ng kanayunan at sa kabuuan. Sa antas na ito, pinapalawak at sinisinsin natin ang pakikidigmang gerilya sa antas ng mga munisipalidad at pinalilitaw ang mga muog ng rebolusyon sa mga kulumpon ng baryo. Isusulong natin ang tungkuling ito hanggang ang pagsisinsin natin ay umabot sa paglalatag ng platun bawat munisipalidad, sa 2/3 ng lahat ng munisipalidad. Sa gayon, lahatang-panig nating pinauunlad ang mga rekisito para sa higit na pagtampok ng mga elemento ng regular na pakikidigmang makilos at pagsulong ng ating digmang bayan sa ganap na bago at mas mataas na yugto.

Sa antas ng platun, base sa solidong lakas natin sa kanayunan, kaya nating palakasin ang impluwensya sa mga sentro ng reaksyunaryong kapangyarihan sa mga munisipalidad, distrito, probinsya at rehiyon at magbunsod ng mga makapangyarihang kilusang pulitikal na pwedeng magpabagsak sa naghaharing reaksyunaryong rehimen sa mga panahon ng kombulsyon ng reaksyunaryong sistema gaya ng naganap sa Edsa I at II. Kaya nating pursigidong isulong ang baha-bahaging anihilasyon at disintegrasyon ng lakas ng reaksyon at hakbang-hakbang pero tuluy-tuloy na palakasin ang rebolusyon.

## Pagbaka sa konserbatismo

Ang konserbatismo ay pangunahing makikita sa mga sumusunod: pagkakasya sa maliliit, makikitid at hiwa-hiwalay na grupong pang-organisa at pagkaligtang itaas ang antas ng organisasyong masa, pagkakasya sa propagandang pangkalahatan o di kaya'y pagpapakalulong sa menor at kalat-kalat na problema ng masa habang kinakaligtaan ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo, pagpapabaya sa gawaing militar laluna sa pagsasagawa ng mga taktikal na opensibang akma sa kakayahan at maipagtatagumpay, pagpapakalulong sa internal at menor na mga usapin habang pasibo sa harap ng mga problema ng malawak na masa at mga pagsalakay at pakana ng kaaway, pag-aalinlangan sa gawaing alyansa at mga gawain sa sentro ng mga poblasyon at iba pa.

Ang konserbatismo ay pagbitiw sa pamumuno sa masa at pagtangging umabante kahit handa na ang masa at pagkakasya sa mababa, makitid at limitadong antas ng gawain bunga ng pagmaliit sa kamulatan ng masa, sobrang pagtaya sa lakas ng kaaway o pagkatakot sa mga kahirapan. Ito ay nakakademoralisa sa masa, nagpapaubaya sa pagkilos nang walang malinaw na direksyon, nagbubunga ng pasibidad, at pumipinsala sa rebolusyon.

Sa kalakhan, ang konserbatismong lumitaw sa nakalipas na ilang taon ay makaisang-panig na reaksyon sa malalaking pinsala at pag-atras na likha ng adbenturismong militar ng maling linyang SCO. May mga kasamang maling nag-akala rin na ang laki ng mga nakaraang pinsala at ang maigting at masalimuot na proseso ng pagwawasto ng malulubhang pagkakamali sa nakaraan ay dahilan para magpakalulong sa mga usaping internal, magtakda ng di makatotohanan at napakataas na target sa internal na konsolidasyon, at nakaligtaan ang mga pakikibakang masa at mga taktikal na opensiba. Lubhang bulnerable rin sa konserbatismo at iba pang pagkakamali ang maliliit at magkakalayong yunit na mahina ang pamunuan at nangangapa pa sa pagtupad ng mga tungkulin.

Malaki na ang isinulong sa pagbaka natin sa konserbatismo sa nakaraang ilang taon. Patunay ang pagsigla ng pagbawi at pagpapalawak sa iba't ibang rehiyon, ang paglakas ng mga kampanya at pakikibakang masa at ang pagdalas ng mga taktikal na opensiba. Pero malaki pa ang dapat at kayang ilakas ng kilusang masa, ilawak ng mga pakikibakang masa at isigla ng mga taktikal na opensiba at isang rekisito para magawa ang mga ito ang patuloy na pangingibabaw sa malaki-laki pang problema sa konserbatismo.

Para bakahin ang konserbatismo kailangang patuloy na edukahin ang mga kadre at kasapi ng Partido at mga upisyal at tauhan ng hukbo sa wastong pagsapol sa mga leksyon mula sa mga nakaraang karanasan at wastong pagsusuri sa kasalukuyang kalagayan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Kailangang matatag na bakahin ang pagkatakot sa kaaway at sa kahirapan, engganyuhin ang militansya at kasigasigan ng bawat isa, at tiyakin ang mahigpit na ugnay at pakikipagkaisa sa malawak na masa. Dapat ipalaganap ang pag-aaral

sa linyang masa at pagpapaunawa sa wasto at dinamikong ugnayan ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa. Kung walang armadong pakikibaka, kahit may sumusulong na kilusang masa at naitatayo ang baseng masa, may peligrong mahulog ito sa populismo. Kung walang rebolusyong agraryo hindi mapapalalim at mapapatatag ang baseng masa. Kung walang baseng masa, ang hukbong bayan ay magiging hukbo ng mga rebeldeng lagalag.

Napakahalaga rin sa pagbaka sa konserbatismo ang pagpapalakas sa pamumuno ng Partido, ang pagtiyak sa komprehensibong pagbabalak sa iba't ibang antas, ang pagpapatupad sa wastong disposisyon ng pwersa, ang higit pang paglilinaw sa mga prinsipyo at patakaran sa hakbang-hakbang at solidong pag-oorganisa, at ang matamang paggabay para maagap na lutasin ang mga problemang nakakasalubong ng mga nakabababang yunit.

[May hiwalay na pagtalakay sa mga karagdagang paglilinaw sa solidong pag-oorganisa sa kanayunan at sa dinamikong ugnayan ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa.] (Pati gawaing alyansa ay apektado ng konserbatismo).

## Pagsusulong ng rebolusyong agraryo

Sa mga saligang dokumento ng IDKP, gayundin sa mga dokumento ng paglalagom at pagwawasto at sa mga kumperensya sa gawaing masa ng iba't ibang rehiyon, buong linaw na tinutukoy ang pakikibakang antipyudal bilang pinakamahalagang kawing sa gawain sa kanayunan. Pero sa mga unang taon ng IDKP, pagbawi at muling pagpapalawak, nahila ang kalakhang pansin ng Partido at hukbo sa internal na konsolidasyon, pag-aayos ng makinarya, at muling pagbubuo ng mga organisasyong masa. Sa kabila ng tuluy-tuloy na panawagan ng Partido, naging kalat-kalat at maliitan ang mga kampanya at pakikibakang antipyudal sa mas maraming rehiyon at larangang gerilya.

Ang sistematiko at malawakang pagsusulong sa kampanyang antipyudal ang susi sa malawakang pag-oorganisa at pagpapakilos ng masa sa kanayunan. Totoo ito kahit sa panahon ng pagbawi at pagpapalawak bagamat may mahigpit na kunsiderasyon at pag-angkop sa mga limitasyon ng bagong inoorganisang kilusang masa at sonang gerilya. Ang pinakamatagumpay na pagpapalawak natin ay sa mga lugar na may isyung lumiligalig sa malawak na masa na mahusay na natutumbok sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila. Sa mga lugar namang kinokonsolida, ang pagsusulong ng pakikibakang antipyudal ang pinakamalakas na tulak at isa ring pinakamahigpit na layunin sa pagtataas sa antas ng organisasyon at pagkilos ng baseng masa. Pinakamalalim at pinakamatibay ang baseng masa sa mga base at sonang gerilyang may mga makabuluhang tagumpay sa pakikibakang antipyudal.

Kailangang-kailangan ngayon ang pagpapasigla at pagpapalakas ng kilusan at pakikibakang antipyudal. Una, labis-labis ang paghihirap at diskontento ng masang magsasaka dahil sa napakatinding pagsasamantalang pyudal at malapyudal na todong pinasahol ng liberalisasyon at diregulasyong ipinatutupad ng papet at reaksyunaryong pamahalaan ayon sa dikta ng IMF-WB. Ikalawa, kailangan ito para konsolidahin, itaas ang antas ng organisasyon ng masa, at isulong ang lahatang-panig na pagpapaunlad sa libu-libong baryong nabawi at bagong bukas. Kailangang ibayong ipalaganap ang kampanya para sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas sa sahod, pagbaka sa

pagsasamantalang komersyante-usurero, at pagpapabuti ng produksyon at kabuhayan—kasabay ng pagsusulong ng mga pakikibaka sa pangangamkam ng lupa, militarisasyo't pasistang pang-aabuso at iba pang reaksyunaryong pakana para huthutin, hati-hatiin at linlangin ang mga magsasaka.

Sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo, pangunahing sinasaligan natin ang lakas ng mga maralita at mababang panggitnang magsasaka at mga manggagawang bukid at tinitiyak na sila ang pangunahing nakikinabang sa mga tagumpay, habang kinakabig ang mga panggitna at ninyunyutralisa ang mayamang magsasaka. Kaugnay nito, ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng presyo ng produkto, pagpapababa ng presyo ng abono at pestidiyo, at pagbaka sa iba pang anyo ng pagsasamantala ng mga komersyante-usurero, ay iniuugnay at ikinokoordina sa kampanya sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid.

Mula sa matatagumpay na karanasan sa nakaraan sa ilang mga rehiyon nakikitang dapat buuin ang espesyal na makinarya upang tuluy-tuloy na sumubaybay, maagap na lumutas sa mga suliranin, at manguna sa pagpapalawak, pagpapalakas at pagpapataas ng antas ng kilusang antipyudal sa mga rehiyon at sa buong bansa. Sa antas ng larangan ay nararapat buuin ang komite sa rebolusyong agraryo. Sa simula maaaring ito ay pagtitipon ng mga piling kadre ng larangan at sangay. Sa kalaunan ay mahusay na magkaroon ng buong-panahong bag-as ng mga kadre. Tungkulin nito na tulungan ang mga namumunong komite ng Partido sa pagsisiyasat at pananaliksik tungkol sa mga isyung agraryo, pagpapaunlad ng panlipunang pagsisiyasat sa mga munisipalidad at probinsya, pagpapaunlad ng mga pamamaraan sa pag-oorganisa sa masa, pagsusulong ng mahahalagang laban, koordinasyon sa panahon ng mga taktikal na laban, pagsasanay ng mga kadre at lider masa, pagpapasigla ng pagpapalitan ng mga karanasan, at pagdodokumento at pag-aaral sa iba't ibang karanasan para magabayan ang mga kadre at mga organisasyong masa.

Kailangang paunlarin ang mga taktika sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo – ang kumbinasyon ng ligal, iligal at malaligal na mga pamamaraan upang maisulong ang sa saliga'y iligal na rebolusyong agraryo. Kailangan ang hayag na makinarya bilang koordineytor ng malalawak na kampanya at aksyong hayag; ang kilusang lihim bilang pinuno, organisador at taga-ugnay at taga-koordina ng mga iligal at ligal na aktibidad at organisasyon; ang mga hayag na pakikibakang may katugon o kakawing na pakikibakang iligal; ang mga kahilingan ng mga magsasaka na itinataguyod sa iba't ibang porum at pamamaraan hanggang sa mga resolusyon at desisyon ng mga sangguniang barangay, sangguniang bayan at probinsya at kongreso; at mga hayag na pagkilos sa syudad at sentrong bayan na may iligal na sangkap sa kanayunan.

Upang maipagtagumpay ang laban ng masang magsasaka, kailangan ang pagsuporta ng iba pang demokratikong uri at sektor. Kailangan ang gawaing alyansa at pakikipag-isang prente sa mga baryo at bayan hanggang sa mga kapitolyo at syudad.

Humalaw ng mga leksyon sa mga tampok na kaso ng pagsusulong ng rebolusyong agraryo upang maagap na maipalaganap sa hanay ng mga yunit at pwersang nasa gawaing masa at maging sa hanay ng rebolusyonaryong magsasaka. Maraming mga usapin sa prinsipyo at taktika sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo ang patuloy na kinakaharap ng mga kasama.

Habang isinusulong ang pambansa-demokratikong mithiin ng masang magsasaka na hakbang-hakbang na wakasan ang mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala ay dapat tuluy-tuloy na palakasin ang mga sosyalistang salik sa pagsusulong ng kilusang magsasaka

tulad ng pagpapalakas ng organisasyon ng Partido sa kanilang hanay, pagpapagana ng mga samahang magsasaka at iba pang samahan bilang mga kooperatiba, pagpapalakas ng bag-as ng maralita at mababang panggitnang magsasaka at mga manggagawang bukid, at pagtataguyod ng sosyalistang perspektiba.

## Pagsusulong ng iba pang kampanyang masa at mga pagkilos na pampulitika

Pinakamataas na sukatan ng pag-unlad ng gawaing edukasyon at organisasyon sa hanay ng masa ay kung naisasalin ang mga ito sa kongkretong pagkilos ng masa. Kung puro edukasyon at mga pulong pero walang kongkretong pagkilos ay hindi maaaring sumigla at tumatag ang organisasyon at ang masa. Tulad ng nabanggit na sa naunang bahagi, susi sa pagpapakilos sa masa ang pagsusulong ng mga pakikibakang antipyudal, ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Kaalinsabay, para sa lahatang panig na pag-unlad ng mga samahang masa, dapat ding pukawin ang kanilang sigla at militansya sa iba pang mga kampanyang masa at paglahok sa mga mobilisasyong pampulitika.

Naisusulong na ang iba't ibang tipo ng mga kampanyang masa. Tampok dito ang kampanya para sa pagpapataas ng produksyon, kampanya sa literasiya, kampanya laban sa mga pamahiin at superstisyon, kampanya para sa kalinisan at kalusugan, kampanya sa pangangalaga sa seguridad, kampanya sa pagsuporta sa BHB, kampanya sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura, at kampanya sa pagsubaybay sa mga isyung pampulitika. Gayunman, malaki pa ang maaaring iunlad ng pagsusulong ng mga kampanyang ito at mahigpit na ikawing sa papalaking pangangailangan ng pagsusulong digmang bayan.

Ang estilo ng kampanyang masa o kilusang masa para maisulong ang iba't ibang aspeto ng kagalingang bayan ay taliwas sa ikinalat ng mga NGO's, ng mga repormistang taksil noong dekadang otsenta kung saan di minomobilisa ang masa sa paglutas sa kanilang sariliing mga suliranin bagkus ay pinaaasa lamang sa tulong mula sa labas at sa mga bigay na kawanggawa.

Tuwing may pagkakataon, mahusay ding nakakalahok ang masa sa iba't ibang tipo ng mobilisasyong pampulitika sa mga sentrong bayan. Naiuugnay ng masa sa baryo ang kanilang organisasyon at lakas sa iba pang mga bahagi, sa mga panggitnang pwersa, sa iba pang mga alyado at napapataas ang kanilang militansya sa sama-samang pagkilos. Kung walang mga mobilisasyong masa sa sentrong bayan o lunsod o di kaya ay may kahirapan ang pagpunta ng masa sa sentrong bayan o lunsod, pero may mainit na isyung pampulitika, maaaring magdaos ng mga pulong masa na lalahukan ng iba't ibang baryo na pangungunahan ng mga ligal na organisasyon.

## Mga karagdagang paglilinaw sa solidong pag-oorganisa

Mahigpit ang pangangailangang mas palakasin at paunlarin ang mga organisasyong masa sa mga larangang gerilya para mas mabisang mabuklod at mapakilos ang malawak na masa sa pagsusulong ng pakikibakang antipyudal, pakikidigmang gerilya at pagbubuo ng

baseng masa habang aktibong nilalabanan ang mga pananalakay at pakana ng reaksyunaryong papet na estado. Kailangang organisahin ang daan-daang libo at milyun-milyong mamamayan sa kanayunan para sa higit pang pagsusulong ng rebolusyon.

Sa nakaraang ilang taon, naging tampok na suliranin ang lubhang bagal ng pagbubuo ng mga grupong pang-organisa at lalo pang mabagal na pag-aangat ng organisasyong masa mula grupong pang-organisa tungong komiteng pang-organisa, huwag nang pag-usapan pa ang ganap na samahang masa. Sa maraming baryo, ang antas ng organisasyon ng masa ay lubhang nahuhuli sa aktwal na antas ng pagkilos ng masa: Marami ang baryong sumusuporta sa hukbo o di kaya'y kumikilala sa kilusan ang lahat o halos lahat ng naninirahan pero nananatili sa antas ng grupong pang-organisa sa matagal na panahon. Marami rin ang baryong may sangay ng Partido at aktibong lumalahok sa mga kampanya at pakikibakang masa ang karamihan ng taga-baryo, pero nananatili sa komiteng pang-organisa sa matagal na panahon.

Mga dahilan sa likod nito:

1. Kapabayaang isistematisa ang panlipunang pagsisiyasat sa mga baryo at bayan at kabiguang isintesa ang mga resulta ng panlipunang pagsisiyasat para magamit sa pagrerekrut (pagtukoy ng mga target at prayoridad) at pagbabalak sa mga isyu (kongkretong nilalaman ng propaganda at pagbubunsod ng mga pakikibaka at kampanyang masa). Resulta: wala, hindi kongkreto o di kaya'y maling target sa pagrerekrut; mga kahinaan at problema sa pagtalima sa antipyudal na linya sa uri; pagkakasya sa pangkalahatang propaganda na hindi tumutumbok sa lokal na sitwasyon at isyu; hindi napupukaw ang interes at kasigasigan ng masa.

2. Kakulangan ng kaalaman at karanasan sa pagbubuo at pagpapatakbo ng mga organisasyong sumasaklaw sa buu-buong baryo at mas mataas pa.

3. Mga kahinaan at kapabayaan sa pagbabalak at pamumuno, kaya napapabayaan ang mga yunit sa gawaing masa na magkasya o mabalaho sa mumunting grupong namumuno o umuugnay sa maliit na bahagi lamang ng baryo at mga naninirahan dito, at hindi mabisang nasasaklaw ang buong baryo ni mabisang napamumunuan ang malawak na masa. Sa maraming kaso, kahit may programa sa pagpapaunlad ng mga organisasyong masa ay kulang na kulang naman sa gabay sa mga pamamaraan at tulong sa paglutas sa lumilitaw na mga problema at hadlang.

4. Mga kalituhan, kalabuan, pagkakamali sa pag-unawa at pagpapatupad sa mga patakaran at pamamaraan ng hakbang-hakbang na pag-oorganisa, na walang batayan at walang katuturang nagpapatagal sa pag-oorganisa at sa pagpapataas sa antas nito. Mga halimbawa:

    - Pagtatakda ng arbitraryong tagal ng panahon para sa bawat baytang ng pag-oorganisa na mangangahulugang aabot ng isang taon o mahigit pa bago marating ang antas ng ganap na samahang masa. (Bagamat kahit wala ang artipisyal na panuntunang ito, di hamak na mas matagal pa sa katunayan ang inaabot bago maitayo ang ganap na samahang masa sa maraming baryo.)

    - Pagdadagdag pa ng baytang o andana sa pag-oorganisa, tulad ng komiteng pang-organisa na regular at iregular.

- Pagpapakitid ng hanay na pwedeng rekrutin sa mga grupong pang-organisa, gaya ng itinuturing na mga aktibistang masa lamang.

- Pagtatakdang hanggang grupong pang-organisa lamang ang lihim na organisasyong pwedeng buuin sa mga baryong labas ng larangang gerilya.

Ang solidong paraan ng pag-oorganisa sa kanayunan ay pangkahalatang gabay na nabuo mula sa naunang mga karanasan sa pag-oorganisa sa kanayunan kung saan lumitaw ang kahinaan sa padaskul-daskol na pag-organisa na nagbunga ng mga paglabag sa antipyudal na linya sa uri, matamlay na pagsusulong ng mga pakikibakang antipyudal at sakit na komandismo kakabit ng agad na pagtatayo ng mga KPB  (Komiteng Pang-organisa sa Baryo) o BOC (Barrio Organizing Committee) na umaaktong organo ng kapangyarihang pampulitika sa baryo nang hindi naman naitatayo ang mga saligang organisasyong masa laluna ang organisasyong masa ng mga magsasaka.

Sa solidong pag-oorganisa binigyang-diin ang pagrerekrut sa mga nakabababang saray ng masang magsasaka, kabilang ang mga manggagawang bukid at ang pagbubuo ng lakas ng maralita at mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid. Sa mga unang hakbang ng pag-oorganisa (mula gpm hanggang kpm) isang liga ng maralita at mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid ang binubuo.

Ang mga elementong nauugnayan at pinauunlad na mga pinuno at aktibistang masa ay binibigyan muna ng pagkakataong patunayan ang kanilang kasigasigan sa pagrerekrut, pagpopropaganda at iba pang mga gawain bago buuin ang samahang masa at italaga o ihalal sila sa pamunuan nito. Kasabay ng pagsala at pagsasanay sa mga lider at aktibistang masa, sinisikap na abutin, organisahin at pakilusin ang pinakamalawak na hanay ng masang magsasaka at mabisang saklawin ang buu-buong mga baryo sa pinakamabilis at pinakamabisang paraan. Binubuo ang solidong organisasyong masa na may maaasahang bag-as, malalim at malawak ang ugnay sa masa, at nagpupursigi kahit binabantayan at ginigipit ng kaaway.

Base sa mayamang karanasan, inihahanay ang mga karagdagang paglilinaw sa mga hakbang sa solidong pag-oorganisa upang ituwid ang mga konsepto at pamamaraang nakakapagpabagal sa pag-oorganisa sa masa.

a. Sa antas ng kontak karaniwang di na pormal na binubuo ang gtb. Sa pangkalahatan ay maikli lamang ang unang hakbang na ito at maaaring makaabante na sa susunod na hakbang pagkaraan ng ilang araw hanggang ilang linggo.

b. Gamitin ang mga pulong pagsisiyasat bilang pangunahing paraan ng panlipunang pagsisiyasat kaysa bahay-bahay na sensus upang mapabilis ang pagsisiyasat. Magpirmi ng mga istandard na panukat sa pagkilala sa mga uri ayon sa partikular na kalagayan ng lugar at/o linya ng pananim.

k. Pinakamainam na bilang ng kasapi ng gpm: 7-10. May sapat na bilang upang magpatuloy sa mga pulong at gawain kahit hindi kumpleto, madaling tipunin, at katamtaman ang dami para sa maliit na grupong suyuan o bayanihan. Kung magsisimula sa 3 kasapi, dapat ituring na panimula lamang ito at dapat sikaping mas mapalaki pa hanggang maabut sa pinakamabilis na makakaya ang bilang na 7-10 bawat gpm.

d. Sa ilang larangang gerilya—upang iwasto ang dating paglilimita sa kalalakihan lamang ng kasapian ng samahang magsasaka—tinipon ang dating hiwa-hiwalay na mga grupong pang-organisa ng kalalakihan, kababaihan at kabataan at mabilis na naitayo ang komiteng pang-organisa ng magsasaka habang ang mga grupong pang-organisa ng kababaihan at kabataan ay patuloy na kumilos bilang binhi sa pagbubuo ng samahang sektoral nila.

e. Dapat tiyaking naitatayo ang mga grupong pang-organisa sa iba't ibang bahagi ng baryo, saanman may konsentrasyon ng mga maralita at mababang panggitnang magsasaka. Sa gayon, bago maitayo ang kpm ay may makabuluhan nang panimulang kasapiang nakaorganisa sa mga grupong may impluwensya sa malaking bahagi ng baryo. Kainaman kung sa pagtatayo ng komiteng pang-organisa ay nauugnayan at naiimpluwensyahan na ang 20%-30% ng dapat maipaloob sa organisasyong masa. Sa katamtamang-laki at malalaking baryo, maliit na base ng komiteng pang-organisa ang 3 gpm.

g. Ang yugto ng konsolidasyon ay nagsisimula sa komiteng pang-organisa hanggang maitayo ang mga ganap na samahang masa at komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Sa puntong ito ng pagtatayo ng organisasyong masa, laluna ng organisasyon ng masang magsasaka, mga pangunahing tungkulin ang epektibong pagsaklaw sa kabuuan ng baryo at sa lahat o halos lahat ng naninirahan dito at ang pagsusulong sa mga kampanyang antipyudal at iba pang kampanyang masa para itindig ang rebolusyonaryong pamumuno sa masa at palakasin ang baseng masa. Mahigpit na sapulin na ang pag-abot sa yugtong ito ang tunay na layunin ng gawaing masa at hindi dapat magkasya, magpakabalaho o magpakalulong sa antas lamang ng kontak at gpm.

Sa puntong ito ang mga gpm ay nakalatag na sa mayor na mga bahagi ng baryo at pinabibilis ang pag-oorganisa ng iba pang gpm sa mga bahaging wala pa. Isinusulong ang mga pakikibakang antipyudal at iba pang kampanya at pakikibakang masa, kabilang ang pagsuporta sa Bagong Hukbong Bayan. Ang kpm ay tumatayo ring organo ng kapangyarihang pampulitika sa baryo habang hindi pa naitatayo ang krb. Pinalalawak at pinalalakas nito ang ugnay at pagpapakilos sa iba't ibang progresibong uri at pwersa, alinsunod sa patakaran sa nagkakaisang prente.

Kapag naabot na ang antas ng kpm at gsm mas magagawa din ang malawakang pagpapalitaw ng mga kadre at lider sa hanay ng masa, masisistematisa ang pagpapalitaw ng sapat na bilang ng mga buong panahong pwersa, pagsala sa kalidad nila, at pag-alalay sa pamilya nila.

Sa antas ng kpm at gsm mas mahusay na mapagkukumbina ang hayag at lihim na pagkilos at pakikibaka. Ang iba't ibang pwersa at institusyon at mga rekurso sa antas ng lokalidad tulad ng konseho ng baranggay, eskwelahan, mga kaalyado, ugnay sa sentrong bayan at ibang pang katulad nito ay maaari nang mamobilisa sa antas ng kpm at gsm. Maitatransporma o makapagtatayo ng iba't ibang tipo ng hayag na organisasyong masa. Mapaluluwag ang maniobra ng kilusang lihim sa pulitika.

Sa antas ng kpm at gsm ay maisasagawa na ang lahatang-panig na pagpapalakas at pagpanday sa baseng masa habang umiigting ang labanan.

h. Kapag nakamit ang sapat na latag ng mga gpm bago itayo ang kpm magiging artipisyal na ang dating ginawa pang pag-aandana sa kpm sa ilang rehiyon – sa

regular at di regular. Ang una ay may nakabuo ng mga subkomite at ang ikalawa ay wala pa. Ang paglitaw ng ganitong pag-aandana sa nakaraan ay bunga ng pagtatakda ng lubhang maliit na minimum na bilang ng maaaring maging kasapi sa 3 katao lamang sa bawat gpm at pagpapalagay na sapat na ang 3 gpm para maitayo ang kpm. Ang lubhang maliit pang saklaw para itayo ang kpm ay nagbunga ng problema sa pagbubuo ng sapat na bilang ng kpm at mga subkomite sa ilalim nito.

i. Maaari ng maitayo ang ganap na samahang masa kapag nakamit na ang tatlumpu't limang porsyento hanggang apatnapung porsyento ng dapat maorganisa sa mga tipikal na baryong magsasaka na malaki ang populasyon ng dapat maorganisa. Makakamit na sa bilang na ito ang kritikal na lakas-masa para sa pamumuno sa buong baryo at mabilis na pagrekluta sa iba pa. Sa maliliit na baryo, mas mabilis ang pag-oorganisa dahil maliit din ang bilang ng dapat masaklaw ng mga organisasyong masa.Sa mga ganitong kaso kapag nakamit na ang limampung porsyento hanggang pitumpu't limang porsyento ng dapat na maorganisa ay maitatayo na ang ganap na mga samahang masa.

l. Sa pagtatayo ng mga ganap na samahang masa pinakamainam ang kaparaanang pangkalahatang asembleya upang maghalal ng pamunuan, magpatibay ng programa at mga patakaran. Subalit sa mga erya na may peligro ang malaking pagtitipon dahil di pa malinis ang erya sa mga nakatagong ahente ng kaaway, maaaring ipatupad ang kaparaanang kumbensyong representatibo upang maghalal ng pamunuan, magpatibay ng programa at patakaran. Subalit sa sandaling lumuwag ang sitwasyon, pinakamainam na paganahin ang pangkalahatang asembleya ng mga samahang masa at pasiglahin ang demokratikong paglahok ng malaking bilang ng mamamayan sa pagpapatakbo ng kanilang mga samahang masa.

Ang mga ganap na samahang masa ay dapat paunlarin bilang isang militante, at dinamikong samahang masa kung saan aktibo ang pamunuan at kasapian sa pagharap sa mga suliranin ng masa, nagpapakahusay sa kaparaanan ng demokratikong mga proseso at mulat na binabaka ang mga pyudal at burges na kaparaanan at impluwensya, naglulunsad ng rebolusyong agraryo at iba pang mga kampanyang masa, nagpapaunlad ng iba't ibang mga taktika sa pagharap sa kaaway, at mataas ang kahandaang sumuporta sa mga pangangailangan ng Bagong Hukbong Bayan.

Ang mga samahang magsasaka, at kahit ang mga samahang masa sa sektor ng kababaihan at kabataan ay dapat na patayuin bilang mga kooperatiba.

Kapag naitayo na ang mga ganap na samahang masa, naitayo na ang sangay ng Partido, yunit ng milisya, mga grupo o organisasyon ng iba pang demokratikong uri, hinog na hinog na ang sitwasyon para itayo ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo.

m. Kahit sa antas pa lamang ng gpm, dapat umpisahan na ang pagrekrut sa Partido ng pinakamasigasig at pinakamaaasahang mga elemento. Bakahin ang konserbatismo at sektarismo sa pagrerekrut ng mga kasapi ng Partido. Hindi rin dapat magkasya sa maliliit na sangay ng Partido; itayo ang mga grupo ng sangay at mga grupo ng Partido sa mga organisasyong masa..

## Ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo bilang lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika

May malaki-laking bilang ng baryong natayuan na ng ganap na samahang masa, sangay ng Partido at yunit ng milisyang bayan, aktibong lumalahok at sumusuporta ang masa sa mga rebolusyonaryong pakikibaka at gawain, at wala ng aktibong galamay ang kaaway. Pero hindi naitatayo ang komiteng rebolusyonaryo sa mga ito. Bunga ito ng kakulangan ng pagpapahalaga at pagpaplano.

Bakit kailangang buuin ang mga komiteng rebolusyonaryo bilang lokal na organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa kanayunan? Kailangang buuin at malawakang buuin ang mga komiteng rebolusyonaryo kapag sapat nang nailatag ang mga rekisito dahil ito ang organisasyong magbubuklod ng mga magsasaka at iba pang progresibo at demokratikong mga uri at elemento sa kanayunan. Ito ang pangunahing organisasyon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa kanayunan at kailangan para buklurin ang milyun-milyong mamamayan, buu-buong mga baryo at bayan para sa rebolusyon. Ito ang binhi ng rebolusyonaryong gubyernong bayan na nagpapanday sa masa sa pagpapatakbo ng sariling gubyerno. Kailangan ito para patuloy na palakasin ang baseng masa, patuloy na iangat ang kamulatan, pagkilos at organisasyon ng baseng masa sa mga konsolidadong bahagi ng kanayunan, at lahatang-panig na paunlarin ang mga rekisito sa pulitika, organisasyon, militar, ekonomiya at kultura para sa pagsulong ng armadong rebolusyon sa mas mataas pang mga antas.

Kaya isang pangunahing tungkulin sa pagbubuo ng mga larangang gerilya ang pagbubuo at pagpapaunlad ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Isa itong mahigpit na tungkuling dapat ibilang sa mga prayoridad sa mga plano sa konsolidasyon. At kahit bago pa pormal na buuin ang komiteng rebolusyonaryo, tinitiyak nating napalalawak ang ugnay, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga progresibo at demokratikong elementong di-magsasaka sa kanayunan, alinsunod sa mga patakaran sa nagkakaisang prente. Pinakikilos natin ang mga grupo at komiteng pang-organisa para abutin pati ang mga progresibo at demokratikong elementong hindi nila kasapi o saklaw. Ang komiteng pang-organisa ng KPM ay tumatayo bilang panimulang lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika at may tungkuling palakasin ang ugnay at pakikipagtulungan sa lahat ng progresibo at demokratikong pwersa at elemento sa baryo.

Pinakamainam na buuin ang komiteng rebolusyonaryo—gaya ng pagbabalak at pagpapatupad ng iba pang gawain sa konsolidasyon—sa kulumpon sa halip na sa paisa-isa't hiwa-hiwalay na baryo. Sa gayon, ang malawakang pagpapakilos sa masa at pagpapalakas ng gawaing alyansa na ihinuhudyat at lalong isinusulong ng pagbubuo ng komiteng rebolusyonaryo ay mararamdaman hindi lamang sa baryo kundi maging sa antas ng munisipalidad. Kapag may sapat na dami ng baryong may komiteng rebolusyonaryo, kailangang buuin din ang komiteng rebolusyonaryo sa antas ng munisipalidad.

Handa nang itayo ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika kapag nakamit na ang sumusunod: nakatayo na ang mga ganap na samahang masa sa baryo (magsasaka, kababaihan, kabataan, manggagawang bukid, mangingisda atbp); buo na ang sangay ng Partido sa baryo at mga grupo ng Partido sa mga samahang masa; nakapaglunsad na ng rebolusyong agraryo at nagkamit na ng mga tagumpay dito ang samahang magsasaka;

nakakapaglunsad ng iba pang kampanyang masa; nalinis na ang baryo sa mga aktibong galamay ng kaaway; nanyutralisa na ang mga kaaway sa uri.

Ang komposisyon ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ay itinatakda ng patakarang 3/3 para tiyaking may karampatang representasyon ang batayang masa, Partido at mga panggitnang pwersa. Ipinatutupad nating kaparaanan sa halalan ang paghahanda ng listahan ng mga kandidato para sa magiging kinatawan ng Partido, ng batayang masa at ng panggitnang pwersa na pagpipilian ng mga botante.

Ang mga upisyal ay oobligahing tumalima sa mataas at istriktong mga pamantayan sa katapatan at paglilingkod sa sambayanan at rebolusyon. Bibigyan ng tuloy-tuloy at matamang pansin ang pagpapaunlad ng demokratikong estilo ng pamumuno, mahigpit na ugnay sa masang proletaryo at malaproletaryo, at pagtataguyod sa interes ng nakararami at ng kabuuan. Maglulunsad ng mga kampanya upang pahusayin ang superbisyon ng masa sa mga opisyal at bakahin ang burukratismo.

Ang hukumang bayan sa lokal na antas ay hindi pa binibigyan ng awtoridad na magpasya sa mga kasong kamatayan ang katumbas na parusa. Nasa awtoridad ng komite ng Partido sa antas ng larangan ang pagpapasya sa nasabing mga kaso.

Paiiralin ang komite sa konsilasyon (conciliation) o arbitrasyon sa ilalim ng lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika upang lutasin ang mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan.

Dapat panghawakan ang mga leksyon sa mga maling linya at konseptong lumaganap tungkol sa mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika sa nakaraan. Kailangang mahigpit na magmatyag para hindi na muling lumaganap at makapaminsala ang mga maling konsepto at gawing tulad ng:

- Pagpapahina sa pamumuno at organisasyon ng Partido dahil sa rebisyunistang linya na ang organo ng kapangyarihang pampulitika o nagkakaisang prente ang dapat mamuno sa rebolusyonaryong kilusan, na nagkakait sa katayuan at tungkulin ng Partido bilang naghaharing partido sa itinatayong organo ng kapangyarihang pampulitika at aktwal na humahawak ng kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng mga mapagpasyang instrumento ng estado tulad ng hukbong bayan, at hindi nakauunawa kung bakit tungkulin ng Partido na tuluy-tuloy na palakasin ang kanyang pamumuno sa masa at rebolusyonaryong kilusan sa halip na isuko ito sa ibang entidad na kontrolado o impluwensyado ng burgesya at petiburgesya.

- Pagpapahina ng mga organisasyong masa na napabayaan gaya ng organisasyon ng Partido at nabuhos ang pansin sa organo ng kapangyarihang pampulitika at nagkakaisang prente. Nakaligtaan ang prinsipyo na ang mga organisasyong masa ay likas na bahagi ng pagpapairal ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika at paggugubyerno at hindi mga “NGO” o mga organisasyong umiiral nang labas sa pinauunlad na rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika.

- Pangingibabaw ng boses ng mga panggitnang pwersa sa ilang naitayong lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Paglabag sa rebolusyonaryong linya sa uri at pagpapahina sa sandigang lakas ng uring manggagawa at magsasaka sa loob ng lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika.

- Burukratismo at komandismo, pamumuno sa pamamagitan ng mga ordinansa at utos, mga kalat-kalat na kaso ng pag-abuso ng mga upisyal. Ang lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ay hindi isang organong pangunahi'y administratibo kundi organo ng rebolusyon. Pangunahing tungkulin nito ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa para sa rebolusyon. Ginagamit ng rebolusyonaryong gubyerno ang kanyang kapangyarihan at lakas para isulong ang rebolusyon at igupo ang mga kaaway sa uri.

- Pagtamlay ng mga kampanya at mobilisasyong masa kabilang na ang rebolusyong agraryo, paglitaw ng ekonomismo at repormismo bunga ng paglihis at kahinaang inihanay sa itaas dagdag pa ang konsepto ng "pagkokonsolida" sa pamamagitan ng mga integreyted na planong pang-ekonomya  na ipinapataw mula sa labas.

- Paglalantad o pag-aanunsyo sa publiko ng mga lokal na gubyernong bayan na naitayo na naglalagay sa mga naturang erya bilang pirming target na paulit-ulit na sinasalakay ng kaaway. Sa yugto ng ating pakikidigma, lihim ang saligang katangian ng itinatayo nating mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

## Ang Komiteng Pang-organisa ng Mamamayan sa Baryo o KPMB (Barrio People's Organizing Committee)

Ang komiteng pang-organisa ng mamamayan sa baryo (kpmb), bilang binhi ng organo ng kapangyarihang pampulitika o tagapagpauna ng komiteng rebolusyonaryo sa baryo, ay maaaring itayo sa mga baryong nakatayo na ang mga kpm ngunit sa iba't ibang kadahilanan ay maaaring magtagal pa ang pagtatayo ng ganap na samahang masa at kung gayon pati na ang kasunod na komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Halimbawa nito ay kung malaki ang populasyon ng baryo o di kaya ay militarisado ang baryo.  Partikular na tungkulin ng kpmb ang pag-engganyo sa paglahok ng iba't ibang demokratiko at progresibong uri, grupo at elemento sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa baryo at ang pinakamabilis na pagsaklaw at pagpapakilos sa mayorya kundi man kabuuan ng masa sa baryo.

Tutulong ang kpmb sa pagrerekluta ng mga kasapi upang maitayo ang mga ganap na samahang masa, gawaing alyansa at mga taktikang alyansa sa mga reaksyunaryo at tradisyunal na mga institusyon at ahensya upang wastong mapakitunguhan ang mga ito at mapakinabangan ng masa at kilusang masa, pangunguna sa mga proyektong pambaryo at mga mobilisasyon kaugnay ng iba't ibang kampanyang masa at pampulitikang pagkilos, at pagpapalawak ng ugnay at relasyon sa iba pang maaaring maging kaalyado sa loob at labas ng baryo hanggang sa poblasyon.

Ang kpmb bilang binhi ng lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ay magtataguyod sa kilusang antipyudal bilang susing kilusang masa sa baryo. Ito ay magiging katuwang ng kpm-magsasaka sa pagsusulong ng mga pakikibakang agraryo. Pauunlarin ang kakayahan ng kpmb sa pagpapatupad sa mga batas, patakaran at pasya ng demokratikong gobyernong bayan at sa gayo'y pauunlarin ang kakayahan nitong maging sentro ng pamumuno ng mamamayan, kabilang ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa, sa baryo. Gayunman, ang mga organisasyong masa ay may kasarinlan sa panloob na pagpapatakbo ng kani-kanilang organisasyon. Titiyakin din na ang kpmb at ang mas maunlad na krb ay tutulong sa pagpapalakas ng mga organisasyong masa at kilusang masa bilang

pinakamahalagang rekisito sa pagpapairal ng demokratikong kapangyarihang pampulitika. Mulat na babakahin ng mga kpmb ang mga tendensya sa komandismo, burukratismo at iba pang impluwensya ng bulok na pamumunong burges at pyudal.

Ang mga kagawad ng kmb ay hihirangin ng yunit ng BHB na kumikilos sa lugar at aalinsunod sa 3/3 patakaran tulad ng komposisyon ng krb. Kaya, alinsunod sa 3/3 patakaran, 1/3 ng kagawad nito ay mula sa Partido, 1/3 mula sa batayang masa at 1/3 mula sa panggitnang pwersa.

Lulusawin ang kpmb kapag nakamit na ang mga rekisito sa pagtatayo ng krb at aktwal nang naitayo ang huli sa pamamagitan ng pangkalahatang asembleya at halalan.

Sa mga kasong ang mga organisasyong masang nasa antas kpm ay nasa antas gsm na sa katunayan—epektibong napamumunuan at napakikilos ang mayorya o malaking bilang ng masa at maaaring kulang na lamang ang pagdaraos ng pangkalahatang asembleya at halalan—mas mabuti hangga't maaari na habulin ang pagtatayo ng krb sa halip na magtayo ng kmb.

## Gawain at mga taktikang alyansa

Makabuluhan ang mga pagsulong at pakinabang ng rebolusyonaryong kilusan sa gawaing alyansa nitong nakaraang ilang taon. Lumawak ang ugnay at pakikipagtulungan natin sa iba't ibang tipo ng alyado hindi lamang sa mga baryo kundi maging sa mga poblasyon at sentrong lunsod. Mulat at mabisang ginamit natin ang mga taktikang alyansa upang paghati-hatiin ang mga reaksyunaryo, kabigin ang marami, ipokus ang bigwas sa pinakamakitid na target, at paisa-isang gapiin ang kalaban. Napalakas sa gayon ang inisyatiba at pleksibilidad ng mga rebolusyonaryong pwersa. Kongkretong napatunayan ang halaga at pangangailangan ng malawak, agresibo, mapanlikha at iba-ibang antas ng gawaing alyansa at paggamit ng mga taktikang alyansa.

Kritikal sa pagpapatupad ng wastong mga taktikang alyansa ang tamang pagsapol sa rebolusyonaryong dalawahang taktika sa mga reaksyunaryong institusyon at mapangahas na pagsunggab ng mga oportunidad na gamitin ang iba't ibang anyo ng pakikibaka at organsisasyon. Saligang tungkulin ang pagbubuo, pagpapalakas at paggigiit sa rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika sa kanayunan, pero kailangan kaalinsabay ang pagkilos sa loob ng mga reaksyunaryong institusyon. Kailangang mapanlikhang pagkumbinasyunin ang armadong pakikibaka at legal at parlamentaryong pakikibaka, ang pagpapalakas ng hukbo at pagbubuo ng mga legal na organisasyon at maging pagkilos o di kaya'y pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong tradisyunal o reaksyunaryo kung kinakailangan. Kumplikado ang sitwasyon at takbo ng ating digmang bayan: Nangangailangan ito ng napakataas na antas ng pleksibilidad sa taktika, pagpapakahusay sa sari-saring taktika, anyo ng organisasyo't pakikibaka, at pabagu-bagong pagkukumbinasyon ng mga ito.

Sa wasto at pleksibleng pakikitungo sa mga usaping ito, mas maluwag na nakakamaniobra ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pagbuo ng iba't ibang antas ng relasyong mutwal na kapaki-pakinabang sa pinakamalawak na hanay ng mga alyadong matagalan at pasanmantala. Mas aktibo ring nasasamantala ang mga alitan ng mga reaksyunaryo para ibuhos ang pag-atake sa pinakamasahol at pinakasagadsarin at pabilisin ang pagpapalakas

ng mga rebolusyonaryong pwersa. Pinatunayan ito ng mga karanasan sa mga partikular na kampanya at pakikibakang masa na nangailangan ng mobilisasyon ng malaking bilang ng mamamayan, pakikipag-ugnayan sa iba-ibang pwersa at grupong pulitikal, at kumbinasyon ng mga pagkilos sa baryo at lunsod. Pinatunayan din ito ng mga karanasan sa mga reaksyunaryong eleksyon at mga reaksyunaryong institusyon, usapang pangkapayapaan, usapin ng mga POW, pagbaka sa mga pag-abuso sa mga karapatang tao, mga proyektong sosyo-ekonomikong pinopondohan ng reaksyunaryong gobyerno at mga dayuhan, at maraming iba pa.

Pero nahuhuli pa rin ang gawaing alyansa natin kung ihahambing sa aktwal na impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan, aktwal na pangangailangan at mga oportunidad. Malakas pa ang hibo ng sektarismo at pagsasara ng pinto sa maraming bahagi ng Partido. Malakas pa rin ang pag-aatubili ng maraming namumunong komite at kadre ng Partido sa gawaing alyansa at rebolusyonaryong dalawahang taktika. Kailangang matiyaga at matatag na bakahin ang mga maling tendensyang ito. Lalong lalaki ang pangangailangan sa gawaing alyansa sa pagsulong ng mga pakikibakang antipyudal sa inter-baryo at mas mataas pang antas, pag-igting ng pakikidigmang gerilya at lalong paglala ng krisis ng reaksyunaryong sistema.

Marami pa tayong dapat matutunan sa gawaing alyansa; kailangan pang mapalawak at mapayaman ang mga karanasan natin dito. Karamihan sa mga kadre natin ang umunlad sa mga gawain sa mga baryo at liblib at kulang ng kumpiyansa sa pakikitungo sa mga pwersa at personaheng nakabase sa mga sentrong lunsod. Bagamat mas mulat sa halaga nito ang mga namumunong komite sa mga rehiyon, piling-pili pa rin ang mga kadreng may sapat na karanasan at kahinugang pulitikal para kumpiyansadong makipag-ugnayan at makitungo sa mga alyado. Mas bihira pa sa mga larangang gerilya ang mga kadreng may kakayahan at kumpiyansa sa gawaing alyansa sa antas ng munisipalidad at mas mataas pa.

Kailangang pag-ukulan ng pansin kaugnay nito ang mga sumusunod:

1. Pursigidong pagpapalawak ng ugnay at pakikipagtulungan sa mga demokratiko, progresibo at positibong pwersa at elemento sa mga probinsya, distrito at bayan.

2. Patuloy na pagpapalawak ng ugnay at pakikipagtulungan sa ligal na demokratikong kilusan sa kalunsuran.

3. Tuluy-tuloy na pagsisiyasat at pagsubaybay at pagpapalawak ng ugnay sa mga makabuluhang pwersa at grupong pulitikal sa mga probinsya, distrito at bayan.

4. Pagpapalawak ng gawain sa loob ng mga reaksyunaryong institusyon sa lahat ng antas.

5. Pagpapalakas ng gawaing propaganda, gayundin ng pagsamantala sa mga puwang sa ligal na mass media.

6. Pagpapalakas ng mga kampanya sa produksyon at ekonomya sa kanayunan habang ginagamitan ng rebolusyonaryong dalawahang taktika ang mga proyektong itinutulak ng reaksyunaryong gobyerno.

## Pagpapalakas ng pamumuno ng Partido at pagpapataas ng kakayahan sa gawaing masa

Sa pagbawi at muling pagpapalawak at hanggang sa kasalukuyan, damang-dama ang epekto sa maraming rehiyon at larangang gerilya ng pagliit ng bilang ng mga kadreng may kakayahan sa gawaing masa. Bagamat ibayong dumami na ngayon ang kadre kumpara sa pagsisimula ng IDKP, hanggang ngayon di pa natin nababawi ang malaking bilang at latag ng mga kadre noong panahon ng rurok. Kahit sa mga namumunong kadre, marami ang hanggang antas gpm at kpm lamang ang karanasan sa gawaing masa. Mas salat pa sa karanasan ang mga narekrut at naiangat noong kasagsagan ng tendensyang lantay militar at linyang adbenturistang militar. Sa ganitong kalagayan, mahigpit na kinakailangan ang malawakang pagsasanay sa gawaing masa, gayundin ang mas malakas na pamumuno ng Partido sa pamamagitan ng malapit na pagsubaybay, masinsing pagtsek-ap, mas madalas na pagtatasa, napapanahong paglalagom, kongkreto at simpleng paglilinaw ng mga tungkulin, maagap na paglutas ng mga problema, at masigasig na pagpapalaganap ng mga aral mula sa iba't ibang karanasan.

Gaya ng nasabi na sa mas naunang bahagi, lalong kailangan sa ganitong kalagayan ang tamang disposisyon ng pwersa at tamang timpla ng konsolidasyon at ekspansyon para tiyakin ang mahigpit na pamumuno, pati mas mabilis na pagpapaunlad ng mga kadre at pwersa. Magdaos ng mga pagsasanay, kumperensya at iba pang pagtitipon para lutasin ang mga problema sa gawain, paunlarin ang kaalaman, at magpalitan ng mga karanasan. Para malunasan ang kasalatan sa mga kadre, dapat pagkumbinasyunin ang mga pwersang datihan at baguhan, mga kadreng mula sa intelektwal, manggagawa at magsasaka. Iwasan ang madalas na pagbalasa ng mga yunit at tauhang nakatalaga sa isang saklaw. Kung obligadong magpalit ng tauhan, tiyaking may maiiwang sapat na bag-as na pamilyar sa mga tao, kalupaan, kasaysayan ng lugar at takbo ng mga gawain.

Sa rehiyong Timog Katagalugan nalutas ang dating napakabagal na usad ng pag-oorganisa (2-3 grupong pang-organisa bawat yunit sa isang buwan) at nakayanan ang pagtatayo ng 20-40 grupong pang-organisa sa isang buwan pangunahin sa pamamagitan ng masusi at ditalyadong paghahanda sa ideolohiya, pulitika, militar at organisasyon ng mga yunit ng BHB na nakatalaga sa gawaing masa. Ang mga karanasan at pamamaraang ginamit nila ay magagamit hindi lamang sa pagpapabilis ng panimulang yugto ng pag-oorganisa kundi maging sa pagtatayo ng mga komiteng pang-organisa at ganap na samahang masa.

Tumutok din at aktwal na nagpatupad ng breyktru at pagsasanay sa mga piling pwersa ang iba pang pamunuang rehiyon na pawang nagbunga ng magagandang resulta sa gawaing masa tulad ng Hilagang Silangang Mindanao at Timog Mindanao.

Mula sa magandang karanasan sa Timog Katagalugan at maging sa iba pang rehiyon tulad ng Hilagang Silangang Mindanao at Timog Mindanao ay mahusay na isagawa ang sumusunod upang maitaas ang kakayahan ng mga yunit ng BHB sa gawaing masa:

Paghahandang pang-ideolohiya:

1. Pag-aaral ng yunit sa mga saligang prinsipyo ng gawaing masa sa kanayunan, hakbang-hakbang na pag-oorganisa; pagbubuo ng sangay; pagtatayo ng krb; hustisyang bayan;

maikling batayang pagsasanay-militar; pag-aaral sa kurikulum ng Padepa; panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa antas ng rehiyon, probinsya at larangan.

2. Pagbubuo ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa antas ng bayan batay sa panlipunang pagsisiyasat sa antas ng larangan at mga baryo sa bayang kinikilusan. Kung wala pang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa antas ng larangan ay makakatulong na rin ang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa antas ng probinsya.

3. Pagtuturo ng pulong pagsisiyasat bilang subok na pinakamabisa at pinakamahusay na paraan ng pagsisiyasat. Sa pamamagitan ng ilang serye lamang ng pulong pagsisiyasat ay mabilis na makukuha ang importanteng mga datos at impormasyon na mahalaga sa pagkilos sa baryo. Ang pulong pagsisiyasat ay napapabilis pa kung nagagamit na gabay ang istandard na mga panukat para makilala ang mga uri na nagawa na sa mas masaklaw na erya (larangan, probinsya, o rehiyon) o sa mga partikular na linya ng pananim. Ang nakasanayang mabagal na paraan ng sensus upang maisagawa ang panlipunang pagsisiyasat sa baryo ay karaniwang inaabot ng taon bago makumpleto ng yunit. Bukod sa mabagal ay nagiging hiwa-hiwalay na mga datos o estadistika lamang ang nakakalap sa ganitong paraan at karaniwang hindi nabubuo ang pagsusuri sa mga datos.

Paghahandang pampulitika:

1. Ditalyadong pagbabalak ng gawain na sasaklaw sa partikular na mga isyung tatalakayin sa masa, sinu-sino ang rereklutahin upang maitayo ang mga gpm, anu-ano ang partikular na gawain ng mga naitayong gpm, anong pakikibakang masa o kilos masa ang maaari nang ilunsad, anong edukasyong pampulitika ang ibibigay sa inoorganisang masa, paano paghahatian ng yunit ang mga gawain at iba pa.

2. Pagsasagawa ng pagsasanay sa pagpopropaganda sa iba't ibang isyung pampulitika, panrehiyon o lokal. Isang kahinaang nakita ang pangkalahatan lamang na pagtalakay sa mga isyu o sitwasyon, di napapanahong gawaing pagpopropaganda at maliitan lamang ang saklaw.

3. Pagsubaybay sa mga balita, pagpapaunlad sa literasiyang pampulitika ng yunit, pagpapaunlad ng mapanlikhang mga kaparaanan upang mapalawak ang abot ng gawaing propaganda. Ang masinsin, mapanlikha at malawakang gawaing propaganda ay mahalaga upang mapanatiling mataas ang militansya ng masa, malabanan ang kontrarebolusyonaryong propaganda at imperyalistang propaganda, mapabilis ang proseso ng pag-oorganisa at mapadulas ang iba't ibang tipo ng mobilisasyong masa.

   Mapapansing kapos na kapos ang gawaing propaganda sa hanay ng masa. Mabagal at kakaunti ang naipapamahaging rebolusyonaryong babasahin laluna ang mga dyaryo natin (AB, pangrehiyong dyaryo, Liberation, atbp), wala man lang radyong napapakinggan ng mga balita ang maraming yunit sa mga larangan, hindi natatalakay kundiman pangkalahatan ang pagtalakay sa mga isyung pambansa at lokal. Ang pagpapalaganap ng mga paninindigan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mga hayag na organisasyong masa, alyansa at lider masa sa mga isyung pambansa ay mahalagang tungkulin din sa gawaing propaganda. Maraming mga paraan ang pwedeng subukan upang maigpawan ang mga kasalukuyang limitasyon ng pagsasagawa ng gawaing propaganda sa hanay ng masa.

Nakikipaggitgitan tayo sa tri-media na kontrolado ng mga reaksyunaryo pero may sadyang limitasyon ito. Pinakamabilis na paraan at pinakamalawak ang abot ang brodkas. Balak nating gamitin ang ligal na daluyan tulad ng community broadcast upang maisagawa ito. Para mamaksimisa ang brodkas, kailangang tiyaking may bersyong Pilipino sa minimum at bersyon sa iba't ibang lenggwahe ang iba't ibang mga pahayag na lumalabas upang mabilis na maipalaganap sa masa. Mahusay na gamitin ang brodkas laluna sa panahon ng pag-igting ng krisis pampulitika. Sa panahong ito lalong mahalaga ang mabilis, malawakan, masinsin at tit-for-tat na gawaing propaganda. Pinatunayan ng ating nakaraang karanasan na kahit sa kaigtingan ng krisis pampulitika na nagpabagsak kay Erap ay lubhang mabagal ang daloy ng ating propaganda sa masa sa kanayunan na naglimita rin sa mas mabilis at mas malakihan pa sanang pagpapakilos sa masa.

Ang mga istap sa gawaing propaganda ng mga rehiyon ay pangunahing nag-aasikaso ng paglalabas ng mga dyaryo na minsan sa 3 buwan o mas madalang pa ang paglalabas. Malaking tulong ito sa gawaing propaganda sa hanay ng masa. Subalit kakailanganin ang dagdag na pansin at pagsuporta sa mga pangangailangan sa araw-araw na gawaing propaganda ng mga yunit ng hukbo sa kanayunan at iba pang aspeto ng gawaing propaganda.

4. Pagsasanay sa pagbibigay ng edukasyong pampulitika at pampartido. Hayaang mag-aralan ang mga yunit ng BHB sa mahusay at mabisang paraan ng pagbibigay ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapraktis ng yunit sa isa't isa.

   Inirereklamo ng masa ang nakasanayang kaparaanang basa-talakay sa pagbibigay ng edukasyon na nakakaantok, walang buhay, at kaunti ang natatandaan. Mas gusto ng masa ang lektura-talakay at kapag mayroong mga pantulong sa pag-aaral tulad ng biswal, komiks, video, atbp. Subok nang mas mabisa at nakakapagpabilis pa sa pag-aaral. Dapat paunlarin ang kasanayan bilang mga instruktor at ang paggamit ng mga tulong sa pag-aaral. May resolusyon ang Paked at iba pang yunit ng Partido sa gawaing edukasyon kaugnay nito.

   Dapat pangibabawan ang nakasanayang nakaasa lamang sa yunit ng hukbo ang pagbibigay ng mga pag-aaral sa masa. Mahalaga ang pagsasanay ng mga instruktor sa hanay ng masa. Mahalagang pag-aralan ang paggamit ng mga kaparaanang ligal at hayag na kakumbina ng mga lihim na pag-aaral. Maihahalimbawa dito ang mga inisponsor na mga palabas, pagdaraos ng mga seminar, pag-oorganisa ng mga lektura-porum at pagtatayo ng ligal na eskwelahang pampulitika.

   Dapat buhayin ang Padepa sa mga baryo bilang isang tunay na paaralang pampulitika ng masa – may kwerpo ng mga instruktor at tuluy-tuloy na nagbibigay ng pag-aaral na pampulitika sa masa.

5. Paglilinaw ng mga tiyak na pamamaraan upang epektibong masaklaw ang kabuuan ng baryo at ang lahat o halos lahat ng mga kabilang sa mga demokratiko at progresibong uri.

Paghahandang militar:

1. Pagtatakda ng tiyak na mga pamamaraan upang mapangalagaan ang kaligtasan ng yunit habang nasa baryo. Kabilang dito ang pagmomobilisa sa masa para sa pagbabantay, wastong pagpili ng lugar na pupwestuhan habang nasa baryo, mga

senyales kung may kaaway, pagtatakda ng ruta ng maniobra, pagbubuo ng mabilis na linya ng komunikasyon sa pagitan ng mga baryo atbp. Magtakda ng mga lihim na pamamaraan ng pagkilos at pagbubuo ng malawak at malalim na kilusang lihim.

2. Pagpapataas ng kahusayan sa kilos gerilya. Kabilang dito ang pagpapatupad sa mga regulasyon sa paglalakad, paghimpil, paggawa ng sikretong mga ruta, pag-iiba-iba ng padron ng ikot sa eryang saklaw. Palagiang magtakda ng contingency plan sa bawat lugar na pupuntahan para laging handa at organisado ang kilos sa panahon na biglang magkaroon ng kaaway. Maglunsad ng drill sa pagpapatupad ng contingency plan.

3. Malinaw na pagtukoy sa mga elementong iiwasan, sisiyasatin, at mga dapat parusahan. Magkaroon ng kaalaman sa pagkuha ng mahahalagang impormasyon sa kilos ng kaaway upang maituro din sa masa.

Paghahandang pang-organisasyon:

1. Paglilinaw sa daloy ng pamumuno at kaayusang panloob sa bawat antas ng yunit (mga tim, mga iskwad at platun).

2. Pagpapahusay sa demokratikong estilo ng pamumuno at mulat na pagbubuo ng mahigpit na pagkakaisa ng buong yunit, ng mga namumuno at pinamumunuan at pagpapaunlad ng team work.

3. Pagtatakda ng regular na pulong pagtatasa ng mga iskwad at napapanahong konsultahan ng mga nasa pamunuan ng bawat yunit.

4. Pagpapakahusay sa pagpapatakbo ng pulong upang maituon ang talakayan sa mga susing usapin at maiwasang labis na magtagal ang pulong. Sa pangkalahatan di dapat kumain ng malaking bahagi ng panahon ng mga yunit ang mga pulong at pagtitipon.

5. Pagtatakda ng sistema ng palitan ng impormasyon at pag-uulat.

Ipininal ng KTKS
Batay sa Unang Pambansang
Kumperensya sa Gawaing Masa sa
Kanayunan (Pebrero 18 – Marso 5, 2002),
Hulyo 2002

Inamyendahan: Setyembre 2002